











MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

## MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG PAG-IISIP

"Ang kakayahang mag-isip ay kaloob mula sa Diyos. . . . Ang paraan ng ating pag-iisip ay malaki ang epekto sa ugali at kilos, gayundin sa magiging katayuan natin matapos ang buhay na ito" (Guide to the Scriptures, "Thoughts," scriptures.lds.org). Tinutulungan tayo ng ating isipan na matuto at magpakabuti—kung hahangarin natin ang mabubuting bagay. Narito ang ilang ideya kung paano maglingkod sa Diyos nang inyong buong pag-iisip:

- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta.
- Isipin ang maganda sa iba at sa inyong sarili.
- Maghangad ng kaalaman, lalo na ng mga bagay na nagbibigay-inspirasyon.
- Pumili ng maganda at nakasisiglang libangan.
- Magsaliksik ng isang bagay na mahalaga sa inyo—halimbawa, isang kaganapan sa kasaysayan ng Simbahan o sa buhay ng isang ninuno.
- Ituon ang inyong isipan sa Tagapagligtas sa oras ng sakramento.
- Magsulat ng journal at regular itong basahin.

## MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG PUSO

Ang puso ang nagbibigay-buhay. Kadalasan ang ibig sabihin ng "puso" ay gitna o sentro ng isang bagay at ang lugar kung saan naroon ang mga hangarin at emosyon. Ang maglingkod sa Diyos nang buong puso ay ang pagbibigay sa Kanya ng lahat ng ating hangarin, kalooban, at pagmamahal. Hinihiling Niya na mahalin natin Siya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos at pagmamahal sa iba. Narito ang ilang ideya para magawa ito:

- Unahin ang panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagsisimba kaysa sarili ninyong mga hangarin.
- Magpakita ng habag at kabaitan sa isang tao sa inyong pamilya o sa paaralan.
- Maglaan ng oras na gawin ang gustong gawin ng iba.
- Sikaping unawain ang damdamin ng iba.
- Purihin nang tapat ang isang tao.
- Kausapin o tabihan sa upuan ang isang taong nag-iisa.

## MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG LAKAS

Ang lakas na gamit natin sa paglilingkod sa Diyos ay bahagi ng pagbibigay sa Kanya ng buong lakas natin. Ang lakas ay isa ring espirituwal na kapangyarihan, tapat na pangako, katatagan, at sigasig sa paggawa ng mabuti. Maipapakita natin ang ating lakas kapag ipinamuhay natin ang mga alituntuning ipinamuhay mismo ng Tagapagligtas. Sa gayon ay makatatanggap tayo ng espirituwal na lakas. Narito ang ilang ideya kung paano maglingkod nang inyong buong lakas:

- Pag-ukulan ng oras ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
- Makipagtulungan at makiisa sa mga miyembro ng inyong ward o branch.
- Panindigan ang mga pamantayan ng moralidad.
- Kumilos ayon sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo para pagpalain ang iba.
- Mangakong mamuhay nang matwid at manatiling tapat sa pangako ninyo kapag dumating ang mga tukso.
- Pangalagaan ang inyong katawan sa pamamagitan ng tamang nutrisyon at ehersisyo.
- Tuparin ang inyong mga tipan para mas lumakas pa ang inyong espirituwalidad.

## MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG KAKAYAHAN

Ang paglilingkod nang buo nating kakayahan ay maaaring mangahulugan lamang ng simpleng paggawa ng kaya nating gawin, kapwa sa espirituwal at sa temporal, at nakatuon sa iba. Anuman ang kani-kanya nating mga talento (mula sa pagbuhat ng mabigat na sopa hanggang sa pananatiling positibo kahit sa mahihirap na sitwasyon), magagamit natin ang mga ito para palakasin ang iba. Narito ang ilang ideya kung paano maglingkod nang inyong buong kakayahan:

- Itanong sa sarili, "Sino ang may kailangan ng tulong ko ngayon?"—at gawin ang magagawa ninyo rito.
- Gumawa ng isang bagay para sa isang tao, tulad ng pagwawalis ng balkonahe, paglilinis ng kuwarto, o paghuhugas ng mga pinggan.
- Gamitin ang inyong mga talento: kumpunihin ang isang sasakyan o computer, pagandahin ang isang silid, gumawa ng pangregalo, sumulat ng tula.
- Gawin ang hindi ninyo karaniwang ginagawa para makipagkaibigan at maging isang mabuting halimbawa.
- Ituro sa isang tao ang kasanayang natutuhan mo.